

5 Mga Bagay na Dapat Mong Malaman Dahill sa Diskriminasyon sa mga Lugar ng Pampublikong Tirahan

- 1 Ipinagbabawal ng New Jersey Law Against Discrimination (LAD) ang diskriminasyon at panliligalig batay sa aktwal o pinaghihinalaang bansang pinagmulan sa mga lugar ng pampublikong akomodasyon.** Ibig sabihin, ang diskriminasyon batay sa etnisidad, bansang sinilangan, kultura, o wika ay ilegal sa mga lugar na bukas sa publiko, gaya ng mga negosyo, restaurant, paaralan, ospital, opisina ng mga doktor, at ahensya ng gobyerno, kahit na ikaw ay isang refugee, migrante, o hindi mamamayan ng U.S.
- 2 Ang diskriminasyon sa bansang pinagmulan ay hindi makakapigil sa iyo na makatanggap ng pantay na serbisyo.** Ang mga lugar na bukas sa publiko ay hindi maaaring tanggihan ang ganap o pantay na mga akomodasyon, pasilidad, pribilehiyo, o serbisyo batay sa iyong bansang pinagmulan. Halimbawa, hindi maaaring hilingin sa iyo ng isang restaurant na maghintay nang mas matagal kaysa sa mga puting kustomer dahil ikaw ay isang Latinx/e na kustomer, at hindi ka maaaring i-profile habang namimili ka batay sa iyong aktwal o pinaghihinalaang bansang pinagmulan, bilang bahagi ng patakaran nito laban sa shoplifting.
- 3 Ang mga lugar ng pampublikong akomodasyon ay dapat kumilos upang ihinto ang panliligalig batay sa bansang pinagmulan.** Kasama sa panliligalig sa bansang pinanggalingan ang mapanlait, mapang-api, at nakakatakot na mga komento, nakakasakit na kilos, at ang paggamit ng mga etnikong paninira batay sa bansang pinagmulan ng isang tao. Ang isang pampublikong akomodasyon ay dapat tumugon sa panliligalig batay sa bansang pinagmulan kung saan alam o dapat na alam nito ang tungkol sa panliligalig.
- 4 Ang diskriminasyon at panliligalig sa bansang pinagmulan ay ilegal sa mga lugar ng pangangalagang pangkalusugan.** Hindi puwedeng hindi gaanong sineseryoso ng mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ang iyong mga sintomas, tanggihan ang pangangalaga, bigyan ka ng mas kaunting pangangalaga, o pagsusuri sa droga nang walang pahintulot mo dahil lamang sa iyong aktwal o pinaghihinalaang bansang pinagmulan. Halimbawa, hindi ka maaaring tanggihan ng dentista ng mga serbisyo dahil hindi ka nagsasalita ng Ingles o dahil ikaw ay Pakistani.
- 5 Ang mga lugar ng pampublikong akomodasyon ay dapat magbigay ng pantay na serbisyo sa lahat anuman ang bansang pinagmulan.** Halimbawa, ang mga paaralan ay hindi makakapagbigay ng hindi mabuting antas ng edukasyon sa iyo bilang isang English Language Learner (ELL) na mag-aaral batay sa iyong kakayahang magsalita ng Ingles o iyong accent. Ang mga pampublikong paaralang elementarya at sekondarya sa pangkalahatan ay hindi maaaring tumanggi ng pagpapatala batay sa katayuan sa imigrasyon ng mag-aaral, maliban sa mga mag-aaral na may F-1 visa.

Walang sinuman ang maaaring gumanti laban sa iyo para sa pag-uulat ng mga paglabag sa LAD, paghahain ng reklamo sa diskriminasyon, o paggamit ng iba pang mga karapatan sa ilalim ng LAD.

Upang malaman ang higit pa, o maghain ng reklamo, pumunta sa NJCivilRights.gov o tumawag sa 1-833-NJDCR4U (1-833-653-2748). Ipinapatupad ng DCR ang LAD, na nagpoprotekta sa lahat ng tao mula sa diskriminasyon sa New Jersey anuman ang katayuan sa imigrasyon.

Upang matuto ng higit pa, i-click [dito](#).

Upang malaman ang higit pa o maghain ng reklamo, pumunta sa NJCivilRights.gov o tumawag sa **1.833.NJDCR4U**



NJ Office of the Attorney General
NJCivilRights.gov

